【タガログ語】

## Para sa mga dayuhan na naninirahan sa Japan

# Ang Sistema ng Pampublikong Pensyon ng Japan

Ang sistema ng pampublikong pensyon, kasama ang Pambansang Sistema ng Pensyon (NP) at ang Pension Insurance System para sa mga Manggagawa (EPI), ay nagbabayad sa inyo ng benepisyo mula sa insurance hindi lamang para sa mga matatanda kundi pati sa mga di-inaasahang pangyayari, katulad ng pagkakaroon ng kapansanan o pagkamatay. Makakatanggap kayo ng benepisyo sa kondisyon na binabayaran ninyo ang buwanang kontribusyon.
Lahat ng nakatira sa Japan, anuman ang nasyonalidad, na may edad ng 20 hanggang 59 (hanggang 70 taong gulang para sa EPI) ay dapat sumali sa NP o sa EPI.*

*Kapag ang lugar na inyong pinagtatrabahuan ay kasali sa EPI, kailangan ninyong sumali sa EPI.

* Kung kayo ay pansamantalang (di lalampas ng 5 taon) pinadala sa Japan upang magtrabaho mula sa bansa na may Panlipunang Kasunduang Pansiguridad sa pagitan ng Japan, maaari kayong malibre mula sa kinakailangang sakop ng sistema ng pampublikong pensyon ng Japan.

## Mga mahahalagang punto ng Pambansang Sistema ng Pensyon

Kung ikaw ay hindi sakop ng EPI, kinakailangan mong gawin ang mga pamamaraan para ikaw ay makapagpatala sa NP sa munisipyo kung saan ka nakatira.

**Ang NP ay nagbibigay ng benepisyo kapag:**
- **naabot ninyo ang gulang ng katandaan**
- **mayroon kayong matinding kapansanan dahil sa sakit o pinsala**
- **ang inaasahang kumikita sa pamilya ay namatay**

Ang pensyon para sa katandaan at pensyon para sa kapansanan ay babayaran sa inyo habang ang pensyon para sa naulila ay babayaran sa mga nabubuhay na umaasa sa inyo, kasama ang asawa at mga anak. Upang makatanggap ng mga benepisyo, dapat matugunan ninyo ang mga kinakailangan.

Kapag kayo ay aalis ng Japan upang manirahan sa ibang bansa, **maaari kayong makatanggap ng kabuuan bayad.**

Kapag kayo, isang dayuhan, ay aalis ng Japan upang manirahan sa ibang bansa, maaari kayong makatanggap ng kabuuan bayad kung matutugunan ninyo ang mga kinakailangan, katulad ng pagbayad ng kontribusyon para sa 6 na buwan o mahigit.

**Note:** Bago kayo mag-apply para sa **kabuuan bayad**, hinihiling namin na sana pag-isipan ninyo ang mga mahalagang bagay, katulad ng pagtanggap ng benepisyo sa hinaharap. Para sa mga detalye, mangyari lamang na bisitahin ang website ng Japan Pension Service - *Lump-sum Payment*.

**Kailangan ninyong magbayad ng** kontribusyon sa NP: **17,920 yen* kada buwan**

Kami ay nagbibigay ng diskwento sa halaga ng kontribusyon kapag babayaran ninyo ng mas maaga o sa bilang ng awtomatikong paglipat sa bank account.
* Buwanang halaga para sa piskal na taon 2026 (mula Abril 2026 hanggang Marso 2027 )

Kapag nahihirapan kayo na magbayad ng kontribusyon sa NP, **maaari kayong mag-apply para sa iksemsyon o pagkalibre sa pagbayad ng kontribusyon.**

Kapag mababa ang inyong kinikita o wala kayong trabaho, maaari kayong makakuha ng iksemsyon sa pagbayad ng kontribusyon. Ang mga estudyante ay maaaring mag-apply para sa espesyal na sistema ng pagbayad upang ipagpaliban ang pagbayad ng kontribusyon.

## Ang Pension Insurance System para sa mga Manggagawa

- Kapag ang lugar na inyong pinagtatrabahuan ay sakop ng EPI, dapat kayong sumali sa EPI.
- Ang inyong kumpanya o amo ay may responsibilidad sa inyong pagtatala. Kalahati ng halaga ng inyong kontribusyon ay binabayaran ng kumpanya at kalahati sa inyo. Ibinabawas ang inyong kontribusyon mula sa inyong sweldo, at binabayaran ito kasama ng kanilang bahagi sa gobyerno.
- Ang EPI ay nagbibigay din ng pensyon dahil sa katandaan, kapansanan, ⇒naulila at lump-sum payment.

- Kung Kayo ay may mga katanungan tungkol sa Sistema ng Pampublikong Pensyon, pakisangguni sa inyong lokal na munisipyo o JPS Branch Office o tumawag sa Nenkin Dial na mayroong libreng interpretasyon para sa iilang wika.
- Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa Sistema ng Pampublikong Pensyon, bisitahin ang website ng Japan Pension Service. https://www.nenkin.go.jp/international/index.html

日本年金機構
Japan Pension Service

2604 1016 162